# Aral mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 21

"7 Mapapalad ang mga mahahabagin: sapagka't sila'y kahahabagan." (Mateo 5:7) Ito ang katangian na ibabalik mo kung ano ang ibinigay mo sa iba. Ibigay sa iba kung ano ang gusto mong matanggap sa Diyos. Kung gusto mo ng kapatawaran, tapos patawarin mo ang iba, kung gusto ng awa, tapos pakitaan mo ng awa ang iba.

Mapalad ang mahabagin na nagpapakita ng kahabagan sa katawan ng tao sa sumusunod na paraan:

Tayo ay magpapatuloy upang malaman natin paano nagpapakita ng habag ang Diyos upang ating makuha paano magpakita ng awa sa iba.

Ang Banal na Kasulatan ay nagtuturo sa atin na amg Panginoon ay nahahabag sa atin sa pagliligtas sa atin, at kahit pagkatapos ng kaligtasan Siya ay magpapatuloy na magppakita ng habag sa atin. Si Moses ang kanyang awit sa Diyos pagkatapos ng Exodus mula Ehipto pagkatapos ng pagtawid sa dagat na pula "13 Iyong pinapatnubayan sa iyong awa ang bayan na iyong tinubos: Sa iyong kalakasan ay iyong inihahatid sila sa banal mong tahanan." ( Exodu 15:13) Ang Dios ay hindi lamang tayo in iligtas kundi gagagbayan Niya tayo at haharapin Niya tayo. Gabayan Niya tayo at pipigain Niya tayo.Gagabayan Niya tayo ay bibigyan Niya tayo.Gagabayan Niya tayo at didisiplinahin Niya tayo. Habang iniibig natin ang Diyos sa pagpapakita ng pagsunod sa Kanya at pagtupad sa Kanyang utos. Ang Diyos ay magpapakita din nh habag sa atin na Kanyang sinabi, "6 At pinagpapakitaan ko ng kaawaan ang libolibong umiibig sa akin at tumutupad ng aking mga utos." (Exodu 20:6) "10 At pinagpapakitaan ko ng kaawaan ang libolibong umiibig sa akin at tumutupad ng aking mga utos." (Deutronomio 5:10) Ang Diyos ay magpapakita ng Kanyang habag sa atin bilang pagsunod sa Kanyang mga utos.

"19 At kaniyang sinabi, Aking papangyayarihin ang aking buong kabutihan sa harap mo, at aking itatanyag ang pangalan ng Panginoon sa harap mo; at ako'y magkakaloob ng biyaya sa kanino mang aking ibig pagkalooban, at ako'y magmamaawain sa kanino mang aking ibig kaawaan." (Exodu 33:19) Ganito ipinakita ng Diyos ang Kanyang sarili kay Moses noong nagtago siya sa lungga at tinakpan ng kanyang kamay at dumaan sa harap niya upang si Moses ay hindi makita ang mukha ng Diyos at mamatay. Ginawa ng Diyos iyon pagkatapos harapan ni Moses ang mga Israelita noong gumawa sila ng ginintang baka at sinamba nila at sumiklab ang galit ng Panginoon laban sa kanila.

Ating basahin ang buong pangyayari at ipaliwanag, "12 At sinabi ni Moises sa Panginoon, Tingnan mo, iyong sinasabi sa akin: Isampa mo ang bayang ito: at hindi mo ipinakilala sa akin kung sino yaong susuguin mo na kasama ko. Gayon ma'y iyong sinabi, Aking nakikilala ka sa pangalan, at ikaw rin naman ay nakasumpong ng biyaya sa aking paningin." (Exodu 33:12) Si Moses sa naunang kabanata ay hinarap ang mga tao sa kanilang mga kasalanan at ginawa niya kasama ang Diyos upang ilagay ang kasalanan sa labas ng kampo. Ngayon si Moses ay lumapit sa Diyos at sumasamo sa Kanya na nais niya ulit Siyang makasama. "13 Ngayon nga, isinasamo ko sa iyo, na kung ako'y nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin, ay ituro mo sa akin ngayon ang iyong mga daan, upang ikaw ay aking makilala, na ano pa't ako'y makasumpong ng biyaya sa iyong paningin: at akalain mo, na ang bansang ito ay iyong bayan." (Exodu 33:13) Si Moses ngayon ay nagtatanong sa Diyos upang ipakita ang Kanyang kaparaanan, upang malaman niya kung saan bahagi na kailangan niyang kunin upang pumunta sa kanyang destinasyon. Nagtanong si Moses sa Diyos ng ganito sapagkat ipinahayag mismo ng Panginoon sa kanya na siya'y nakatagpo ng biyaya sa Kanyang paningin. Sa kahilingan iyon ni Moses na hinahangad sa Diyos na ipakita ang Kanyang kaparaanan, ang Panginoon ay inihayag sa kanya na Siya mismo ay kasama niya. "14 At kaniyang sinabi, Ako'y sasa iyo, at ikaw ay aking bibigyan ng kapahingahan." (Exodu 33:14) Kailangan nating magsumamo sa Diyos upang samahan tayo sa buhay na ito. Tayo ay wala ng walang Diyos. Ang Kanyang presensya ay kailangan kailangan natin. Kailangan natin ang presensya ng Diyos, kailangan natin ang Kanyang biyaya, Kanyang kabutihan at ang Kanyang habag ay mapasa atin. Sa presensya ng Diyos, naandoon ang paggabay ng Diyos sa tamang direksyon, at tamang panahon, at sa mga tamang tao. Para sa lahat ng bagay na ito,kailangan natin matuling lumakad kasama ang Diyos, at sa pagsunod sa Kanya at pagsunod ng tiyak sa Kanyang mga hakbang.

Hindi natin kayang mamahala ng walang Diyos, ito'y bakit kailangan nating magsisi, kailangan nating bumalik sa Diyos, kailangan nating harapin ang mga kasalanan ng mga tao, at linisin ang ating sarili at ang simbahan na ang mga bagay ay hindi kaaya aya sa Kanya upang ang Kanyang presensya ay manumbalik sa atin. "15 At sinabi niya sa kaniya, Kung ikaw ay hindi sasa akin ay huwag mo na kaming pasampahin mula rito." (Exodu 33:15) Si Moses ay ganap na kumbinsido na Hindi kayang mamahala ng walang Diyos. Si ay Moses pinipilit ang Diyos kung paano nalalaman ng mga tao na siya at ang mga taong kasama ay nakatagpo ng biyaya sa paningin ng Diyos. Si Moses ay naglalagay ng munkahi kung paano sila'y makikilala mula sa ibang tao kung ang prensensiya ng Diyos ay hindi sumasakanila? "16 Sapagka't saan ngayon makikilala na ako'y nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin, ako at ang iyong bayan? hindi ba dahil sa ikaw ay lumalakad na kasama namin, upang kami ay maging bukod, ako at ang iyong bayan, sa lahat ng bayan na nasa balat ng lupa?" (Exodu 33:16) Ang Panginoon ay sumangayon kay Moses sa kaniyang kahilingan. "17 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Akin ding gagawin ang bagay na ito na iyong sinalita: sapagka't ikaw ay nakasumpong ng biyaya sa aking paningin, at ikaw ay aking nakikilala sa pangalan." (Exodu 33:17) Noong inaprobahan ng Dios si Moses sa kaniyang kahilingan, humingi si Moses sa Diyos na ipakita sa kanya ang Kanyang kaluwalhatian. "18 At sinabi ni Moises, Ipakita mo sa akin, idinadalangin ko sa iyo, ang iyong kaluwalhatian." (Exodu 33:18) Ang kaluwalhatian ng Diyos ay may kabigatan at ito' bumaba upang durugin ang lahat ng nagmula sa laman at mula sa mundo at sa mga bagayb na kontra sa Diyos at sa Kanyang kalooban. Inaprobahan ng Diyos ang kahilingan ni Moses at ipinaliwanag sa kanya na Kanyang gagawin ang Kanyang kabutihan, at Kanyang awa upang maihayag sa Kanya at sa mga taong kasama niya. "19 At kaniyang sinabi, Aking papangyayarihin ang aking buong kabutihan sa harap mo, at aking itatanyag ang pangalan ng Panginoon sa harap mo; at ako'y magkakaloob ng biyaya sa kanino mang aking ibig pagkalooban, at ako'y magmamaawain sa kanino mang aking ibig kaawaan." (Exodu 33:19) (Tayo sa pamamagitan ni Cristo ay nasa ilalim nh biyaya at ng awa ng awa ng Diyos, ngunit kailangan nating magsisi at talikuran ang ating mga kasalanan at ayusin ang ating kaparaanan at bumalik sa Diyos upang ating matanggap ng lahat ng biyayang ito. Tayo nasa ilalim ng awa ng Diyos at ang ating mga panalangin ay hinihingi ng limos mula sa Diyos. Datawpuwat ang Panginoon at Pinuno at hindi natin maari Siyang tanungin ngunit nanawagan lamang tayo at nagsusumamo sa Kanya.) "20 At kaniyang sinabi, Hindi mo makikita ang aking mukha: sapagka't hindi maaaring makita ako ng tao at mabuhay. 21 At sinabi ng Panginoon, Narito, may isang dako sa tabi ko, at ikaw ay tatayo sa ibabaw ng batong iyan: 22 At mangyayari, na samantalang ang aking kaluwalhatian ay dumadaan, na aking ilalagay ka sa isang bitak ng bato, at tatakpan kita ng aking kamay hanggang sa ako'y makaraan: 23 At aking aalisin ang aking kamay, at iyong makikita ang aking likod: datapuwa't ang aking mukha ay hindi makikita." (Exodu 33:20-23) Sa lumang testament hindi nila nakikita ang mukha ng Diyos sapagkat si Jesus ay hindi pa nabuhos ang Kanyang dugo sa krus para ating mga kasalanan. Inihayag dito ng Diyos Kay Moses ba Siya ay dadaan Kay Moses at ang Kanyang kaluwalhatian ay naipakita ngunit makikita lamang ni Moses ang Kanyang likod. Si Moses ay nagsumamo sa Diyos na huwag silang ipadala maliban kung ang Kanyang presensya ay mapapa sa kanya. "15At sinabi niya sa kaniya, Kung ikaw ay hindi sasa akin ay huwag mo na kaming pasampahin mula rito." (Exodu 33:15) Si Moses ay humilinh sa Diyos na kung ang Kanyang presensya ay Hindi mapapasa kanya, huwag silang ipadala mula sa lugar na iyon sapagkat ang presensya ng Diyos ay ang Kanyang biyaya, Kanyang kabutihan, at Kanyang awa. Kaya ngayon ang Diyos ay dumaan kay Moses upang ipakita ang Kanyang kaluwalhatian at ang Kanyang kapahayagan. "19At kaniyang sinabi, Aking papangyayarihin ang aking buong kabutihan sa harap mo, at aking itatanyag ang pangalan ng Panginoon sa harap mo; at ako'y magkakaloob ng biyaya sa kanino mang aking ibig pagkalooban, at ako'y magmamaawain sa kanino mang aking ibig kaawaan." (Exodu 33:19) Ang Diyos ay nangako na ibinigay ang biyaya at awa sa mga Kanyang pinili; sa mga sumusunod sa Kanya. Papatawarin Niya ang mga kasalanan ngunit hindi hahayaan nabajg may kasalanan ay Hindi maparusahan. Ang Diyos ay dumaan Kay Moses and in ihayag ang mga sumusunod: "6 At ang Panginoo'y nagdaan sa harap niya, na itinanyag, Ang Panginoon, ang Panginoong Dios na puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan; 7 Na gumagamit ng kaawaan sa libolibo, na nagpapatawad ng kasamaan, at ng pagsalangsang, at ng kasalanan: at sa anomang paraan ay hindi aariing walang sala ang salarin; na dinadalaw ang kasamaan ng mga ama sa mga anak, at sa mga anak ng mga anak, hanggang sa ikatlo at ika apat na salin." (Exodu 34:6-7) Ang Diyos ay dumaan kay Moses at ipinakita ang Kanyang kaluwalhatian sa pamamagitan ng paghahayag ng Kanyang katangian:

1. Mahabagin
2. Banayad sa pagkagalit: mapagtiis at naghihintay para sa atin na magbago

3. Sagana sa kabutihan:
4. Sagana sa katotohanan
5. Nagpapatwad ng mga kasalanan at pagsalangsang: Ang Diyos ay nagpapatawad ng mga kasalanan ngunit
6. At sa anomang paraan ay hindi aariinwalang sala ang salarin: Hahayaaan Niyang dalhin ng nagkasala ang kinalabasan ng kanilang mga kasalanan.
7. Na dinadalaw ang kasamaan ng mga ama sa mga anak, at sa mga anak ng mga anak, hanggang sa ikatlo at ika apat na salin.

Si Moses nang narinig niya nagmadali sa pagyuko at pagsamba sa Diyos. "8 At nagmadali si Moises, at itinungo ang kaniyang ulo sa lupa, at sumamba." (Exodu 3:8)

Noong ipinadala ni Mose ang labindalawang spiya upang saliksikin ang lupa, sila'y bumalik na my ulat na pinahina ang loob ng mga tao; sa ganito nilang ginawa silay nagkasala laban sa Diyos. Samakatuwid si Moses ay umiyak sa Panginoon at umapela sa Kanya. "17 At ngayon, idinadalangin ko sa iyo, na itulot mo na ang kapangyarihan ng Panginoon ay maging dakila, ayon sa iyong sinalita, na sinasabi, 18 Ang Panginoon ay banayad sa pagkagalit at sagana sa kaawaan, na nagpapatawad ng kasamaan at ng pagsalangsang; at sa anomang paraan ay hindi aariing walang muang ang may sala, na dinadalaw ang kasamaan ng mga ama sa mga anak sa ikatlo at sa ikaapat na salin ng lahi." (Bilan 14:17-18) Binanggit ni Moses ang parehong katangian na ipinahayag dati ng Diyos sa Kanyang sarili Kay Moses na ating ipinaliwag sa itaas: Ang Panginoon ay banayad sa pagkagalit at sagana sa kaawaan, na nagpapatawad ng kasamaan at ng pagsalangsang; at sa anomang paraan ay hindi aariing walang muang ang may sala, na dinadalaw ang kasamaan ng mga ama sa mga anak sa ikatlo at sa ikaapat na salin ng lahi.

Kailangan nating kayanin ang kinahinatnan ang ating mga kasalanan at ang nagawa mali sa ginawa ng a ting mga kamay. Ito ang awa ng Diyos upang huwag na tayong muling gumawa ng ganoong kasamaan. Kailangan nating pasanin ang kinahinatnan ng maling ating ginawa upang maituro sa ating mga anak ang tamang paraan at babalaan sila mula sa ating masakit na karanasan.

Nagsalita ang kay Moses upang gumawa ng arko para sa Kanya at sa arko sinabi Niya na gawin ang upuan para sa Kanya at tinawag Niyang luklukan ng awa: "10 At sila'y gagawa ng isang kaban na kahoy na akasia: na may dalawang siko't kalahati ang haba niyaon, at may isang siko't kalahati ang luwang niyaon, at may isang siko't kalahati ang taas niyaon. 11 At iyong babalutin ng taganas na ginto; sa loob at sa labas ay iyong babalutin, at igagawa mo sa ibabaw ng isang kornisa sa palibot. 12 At ipagbububo mo ng apat na argolyang ginto, at ipaglalagay mo sa apat na paa niyaon, at dalawang argolya ang mapapasa isang tagiliran niyaon, at dalawang argolya sa kabilang tagiliran niyaon. 13 At gagawa ka ng mga pingga na kahoy na akasia at iyong babalutin ng ginto. 14 At iyong isusuot ang mga pingga sa loob ng mga argolya, sa mga tagiliran ng kaban, upang mabuhat ang kaban. 15 Ang mga pingga ay masusuot sa loob ng mga argolya ng kaban: hindi aalisin doon. 16 At iyong isisilid sa kaban ang mga kinalalagdaan ng patotoo na aking ibibigay sa iyo.17 At gagawa ka ng isang luklukan ng awa, na taganas na ginto: na may dalawang siko't kalahati ang haba niyaon, at may isang siko't kalahati ang luwang niyaon. 18 At gagawa ka ng dalawang querubing ginto; na yari sa pamukpok iyong gagawin, sa dalawang dulo ng luklukan ng awa. 19 At gawin mo ang isang querubin sa isang dulo, at ang isang querubin sa kabilang dulo: kaputol ng luklukan ng awa, gagawin mo ang mga querubin sa dalawang dulo niyaon. 20 At ibubuka ng mga querubin ang kanilang pakpak na paitaas, na nililiman ang luklukan ng awa, ng kanilang mga pakpak, na ang kanilang mukha ay nagkakaharap, sa dakong luklukan ng awa ihaharap ang mga mukha ng mga querubin. 21 At iyong ilalagay ang luklukan ng awa sa ibabaw ng kaban; at sa loob ng kaban, ay iyong ilalagay ang mga kinalalagdaan ng patotoo, na aking ibibigay sa iyo. 22 At diya'y makikipagkita ako sa iyo, at makikipanayam sa iyo mula sa ibabaw ng luklukan ng awa, sa gitna ng dalawang querubin na nangasa ibabaw ng kaban ng patotoo, tungkol sa lahat ng mga bagay na ibibigay ko sa iyong utos sa mga anak ni Israel." (Bilang 25:10-22) Sa arko ng Diyos, na Kaniyang hiniling Kay Moses na gawin, Sinabi Niya na gumawa ng luklukan ng purong ginto na katulad ng upuan para sa Diyos upang upuan ito. At tinawag Niya itong upuan na luklukan ng awa, kung saan ang Diyos ay uupo at magsasalita at ibinigay ang Kanyang hatol sa atin at ang Kanyang direksyon sa atin. Si Moses ay inaabot ang luklukan ng awa at dinidinig niya ang boses ng Diyos at ang Kanyang direksyon sa kanya. "89 At nang si Moises ay pumasok sa tabernakulo ng kapisanan, upang makipagsalitaan sa kaniya, ay narinig nga niya

ang tinig na nagsasalita sa kaniya, mula sa itaas ng luklukan ng awa na nasa ibabaw ng kaban ng patotoo, na nasa gitna ng dalawang querubin: at siya'y nagsalita sa kaniya." (Bilang 7:89)

Tingnan ngayon, ikaw ay umuupo sa pagpupulong ng simbahan at naririnig mo ang boses ng Diyos at direksyon ng Diyos sa iyong buhay at ano ang kailangan Niya na gawin mo. Sa Bilang 7:89 sinabi ang tungkol kay Moses na narinig niya ang tinig ng nagsasalita sa kanya na parang unang narinig ni Moses iyon nakilala niya na bilang tinig ng Diyos. Pagkatapos sinabi niya ang tungkol sa pinagmulan ng tubig, ito ay mula sa itaas ng luklukan ng awa na nasa ibabaw ng kaban ng patotoo, na nasa gitna ng dalawang queribin: at siya'y nagsalita aa kaniya, kaya dito si Moses parang sinasaliksik mula saan ang pinagmulan ng pinagmulan ng tinig at nakita nya na mula sa luklukan ng awa. Maraming beses maari nating marinig ang tinig ng Diyos at hindi natin makilala o hindi natin magustuhan, sapagkat kakaiba na kontra sa anong gusto natin o maaring ito pagsaway para sa ating mga kasalanan o pagtutuwid para sa ating kamalian.

Ang tinig ng Diyos ay maaring makabala sa atin, kawalan ng ginhawa sa atin o yanigin tayo. Ngunit ating alalahanin ka ang tinig ng Diyos ay nagmumula sa luklukan ng awa at ito'y para sa ating pakinabang at sa ating kabutihan.

Sa aking mahal at minamahal: Tayo ay nasa parehong paraan sa Bagong Tipan, tayo ay lumalapit sa trono ng biyaya, ang luklukan ng awa ng Diyos.

"16 Magsilapit nga tayong may pagkakatiwala sa luklukan ng biyaya, upang tayo'y magsipagtamo ng awa, at mangakasumpong ng biyaya upang tumulong sa atin sa panahon ng pangangailangan." (Hebreo 4:16) Ang paghatol ng Diyos, ang Kanyang kaparaanan, ang Kanyang gabay, at ang Kanyang direksyon sa atin ay awa ng Diyos sa ating buhay at ang Kanyang biyaya at Kanyang probisyon. Ang tinig ng Diyos at direksyon sa atin ay Kanyang awa sa atin; Ang pagdidisiplina ng Diyos sa atin at ang Kanyang doktrina upang ating kayanin ang kinahinatnan ang ating mga kasalanan ay awa ng Diyos sa atin.

"16 Magsilapit nga tayong may pagkakatiwala sa luklukan ng biyaya, upang tayo'y magsipagtamo ng awa, at mangakasumpong ng biyaya upang tumulong sa atin sa panahon ng pangangailangan" (Hebreo 4:16) Ang pagkakaiba ng Lumang Tipan sa Bagong Tipan ay ang presensya ni Jesus. Si Jesus ay biyaya ng Diyos para bayaran Niya ang gantimpala ng ating mga kasalanan. Sa Lumang tipana ng tawag ay luklukan ng awa ngunit sa Bagong Tipan ay trono ng biyaya; na ating matatanggap sa karagadagang awa ng biyaya ng Diyos. Ngunit ang natitirang ay pareho. Hiniholonh sa atin upang sumunod sa Diyos. Kinakailangan na tayo magsisi mula sa ating mga kasalanan. Kinakailangan na tayo'y magpakumbaba at ipakita ang awa sa iba upang kaawaan tayo ng Diyos ang ating tagapagligtas at Panginoon. Pagkamaawain sa iba ay Hindi lamang pagbibigay sa kanila ngunit ang ating paguugali tungo sa kanila at paano natin sila nakikita at paano natin sila tinitingnan at paano natin pinaplano at iniisip upang pakitunguhan sila, matukoy ang awa na inaalok natin sa kanila.

Tayo ay manalangin:
Ama naming Diyos kami ay lumalapit sa harap mo sa pangalan ni Jesus, namatay sa krus para aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay.

Ating ihayag at talikuran ang lahat ng ating mga kasalanan sa Panginoon. Ating talikuran ang ating kamunduhan, ating mga idolo at ang maling plano at maling paraan mg buhay na taliwas sa Salita ng Diyos. Ating talikuran ang ating katigasan ng ulo, pagmamalaki, kawalan ng kababaang loob, kampante, at kawalan ng pangako patungo sa Diyis at tungo sa Kanyang Salita.

Ating ibigay ang ating sarili upang mabuhay sa kabanalan, upang makinig at sumunod sa tinig ng Banal na Espiritu at gawin ng may kasigasigan kung ano hinihingi Niya sa atin na gawin. Ating ipagpagkatiwala ang ating sarili upang may pagkakaisa at samahan sa simbahan na inilagay ng Diyos sa atin. Ating ipagkatiwala ang ating sarili upang sundin ang katuruan na ating natanggap at maibahagi sa ating pamilya, kaibigan, at kamaganakan. Tayo' maging handa upang tanggapin ang awa ng Diyos sa pagsisisi sa ating mga kasalanan at sa pagtaliko sa lahat

ng ating makasalanan na paraan ng buhay at ihanda na tanggapin ang lahat ng result ng ating mga kasalanan at maling gawain.

Ating ipagkatiwala ang ating sarili na maging handa upang ganap na makiisa sa dakilang komisyon ng Panginoon.

Panginoon aking ipinagkakatiwala ko ang aking buha na maging handa na gawin ang prinsipyo na aking natutunan mula sa Salita sa mensaheng ito. Panginoon aking ipinagkakatiwala ang aking sarilo upang dinggin ang iyong tinign at sa mga tagubilin ng iyong Salita. Panginoon ipinagkakatiwla ko ang aking sarili upang ipahayag ang iyong Mabuting Balita sa aking pamilya, sa aking kasangbahay, kaibigan, at kamaganakan,

Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae na nagpakumbaba ang kanilang sarili sa harap mo, tinalikuran ang kanilang mga kasalanan at handang ilapat ang prinsipyo na natutunan mula sa iyong Salita sa mensaheng ito at ipakita ang awa sa iba bilang sila'y natanggap ng iyong habag mula sayo. Panginoon protektahan mo sila at ibigay sa kanila ang lahat ng kanilang kailangan. Panginoon aliwin mo sila at siguraduhin na ikaw ay sumasakanila at pangunahan sila sa kanilang buhay.

Panginoon punuin mo ulit sila ng iyong Banal na Espiritu at gawin na kanilang buhay na patotoo ay kaakiakit sa iba upang ang mga tao ay maniwala sayo at simulang sumunod sayo ay mamuhay ayon sa iyong Salita. Panginoon gamitin mo sila upang makapagebanghelyo at makagawa ng bagong alagad mo.

Panginoon ako'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan upang tulungan kami, protektahan kami, at bigyan kami upang makapagpatuloy ng paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawain at iyong kalooban. Panginoon punuin mo ulit kami ng iyong Banal na Espiritu at makayanan namin na makapagebanghelyo at upang maabot ang bagong mga tao kasama ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng Salita ng Diyos.

Panginoon kami'y nanalangin na kami'y iyong bigyang daan na mkapagtanim ng bagong pag- aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa iyong simbahan at maabot ang bagong bayan at bagong mga lugar. Panginoon pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain. Sumaamin nawa ang iyong kamay at palayain kami mula sa kapahamakan upang hindi kami makaranas ng sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pkipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng kayo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at , malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.